



## Hindi pagbayad ng buwis ay makaka-apekto sa pag-apply para sa inyong status residence residence

Kung sakaling hindi kayo nakapagbayad ng buwis at kayo ay naghahanda para sa pag-apply sa pagpabago ng inyong status of residence, **ang inyong aplikasyon para sa change of status of residence o para sa renewal of period of stay ay maaring hindi mabigyan ng pahintulot.**

Sinumang naninirahan dito sa Japan anuman ang nasyonalidad ay obligadong sumali sa National Health Insurance at National Pension at magbayad ng premium Kung nagtatrabaho ka sa isang kumpanya kailangan mong kumuha ng employees' pension, health insurance at employment insurance at bayaran ang premium.

Kung may buwis kayong hindi nabayaran at nag-a-apply kayo para sa pagpabago ng inyong status of residence, ang inyong aplikasyon para sa **change of status of residence o renewal of period of stay ay hindi pahihintulutan.**

(ayon sa Ministry of Justice)

Nakaraang hindi pagbayad ng buwis at pension ay makakaapekto din sa pagsusuri ng aplikasyon para sa change of status of residence kaya tiyaking bayaran ang premium bago ang deadline.

Kung hindi ninyo kayang magbayad dahil sa pinansyal na problema o kalagayan ng pamilya, mangyaring kumunsulta lamang sa city hall.

Para sa iba pang detalye tungkol sa pension at social insurance, mababasa sa ilang banyagang wika sa mga sumusunod:

■ Paano ang pagsali sa social insurance system



■ National pension system



■ Paano makakuha ng exemption sa pagbayad ng national pension insurance • Impormasyon ukol sa pagpapaliban ng pagbabayad



■ Sistema ng pagbabayad ng lump sum withdrawal



### ! Paalala

Kapag hindi ninyo nabayaran ang buwis para sa national health insurance sa takdang palugit, **tatanggap kayo ng sulat o notisya ng pagpapaala mula sa munisipyo.** Pag natanggap ninyo ang notisya, dalhin ito at magsadya sa munisipyo sa seksyon ng buwis para sa pagbayad. Maari ding kumunsulta tungkol sa bahagyang pagbabayad.

### ! Sa paglipat ng tirahan

Kung may mga pagbabago kagaya ng paglipat ng tirahan, pagsali sa health insurance ng pinasukang kumpanya (o pagpatigil) **ang mga pagbabagong ito ay dapat ipagbigay abiso sa city hall sa loob ng 14 araw.** Kung ipatigil ninyo ang National Health Insurance dahil babalik na kayo sa inyong bansa o kung may anak kayong bagong silang kailangang magsumite ng pag-aabiso. Mangyaring tandaan lamang na kung ang pagsumite ng notisya ng pagpapatala ng National health insurance ay naantala ay babayaran ang mga nakaraang takdang premium.

### Notisya ng pagpabakuna ng COVID-19 ipapadala via koreo sa inyong tahanan

- ◆ Libre ang pagpabakuna para sa COVID 19 para sa lahat ng residenteng nakarehistro na may edad mula 16 taong gulang pataas.
- ◆ Ipapadala sa inyo ng munisipyo ang kailangang kupon o ticket para sa pagpabakuna.
- ◆ Ang pag iskedyul ng pagbakuna ay napagpasiyahan na. Matatanggap ninyo ang vaccine ticket kung maari na kayong mag-pa-iskedyul.
- ◆ Sa pagtanggap ng vaccine ticket, tumawag at magpagreserba sa takdang mga pagamutan. Maari ding magpa reserba via internet para sa takdang araw, oras, at ospital o iba pang lugar ng pagpabakunahan.
- ◆ Kung mayroon kayong malalang sakit kumunsulta sa inyong palagiang duktor tungkol sa pagpabakuna.

Ministry of Health, Labor and Welfare

[COVID 19 Vaccine Call Center]

0120-761-770 [Free dial 9:00 ~ 21:00]

Japanese/English/Chinese/Korean/Portuguese/

Spanish [9:00 ~ 21:00], Thai [9:00 ~ 18:00],

Vietnamese [10:00~19:00]



**Mga Pagpapayo**

Maaring magkonsulta sa FICEC  
Lunes~Biyernes 10:00 ~ 16:00

**Nakatira ako dito sa Japan at mayroong permanent resident visa. Ang anak namin ng asawa kong kaparehas ko ng nasyonalidad ay makakakuha din ba ng permanent resident visa?**

Upang ang isang anak ng mga magulang na may permanent resident visa ay makakuha din ng permanent resident visa, kailangang isagawa ang pagpasa ng “Application for Permanent Residence Visa”. Ang aplikasyon ay dapat maipasa sa loob ng 30 araw mula ng kapanganakan. Mangyaring tandaan na hindi ito tatanggapin makalipas na kahit isang araw. Kung lumipas sa takdang 30 araw, may ilang pamamaraan na kailangan masunod upang makakuha ng permanent resident visa ang anak. Sa loob ng 60 araw mula ng ipinanganak, kailangang mag-apply para sa permiso para sa status of residence upang magkaroon ng status of residence bilang “Spouse or Child of a Permanent Resident”. Pagkatapos ng paninirahan ng 3 taon maari nang mag-apply para sa “Permanent Residence Permit”.

**Nag-apply ako para sa visa ng aking anak para saya ay mapapunta ko dito sa Japan subalit ang natanggap ko ay “Paunawa ng hindi pag-isyu”. Ano ang dapat kong gawin ngayon?**

Sa halip na mag-iisip at mag-alala, magsadya sa regional immigration office kung saan kayo nagpasa ng aplikasyon at alamin ang dahilan kung bakit hindi kayo na-isuhan ng visa. Matapos makumpirma ang dahilan, tanungin kung ano ang dapat mong gawin upang muling mag-apply at kung ano ang mga dapat mong ihanda.

(Ano ang dadalhin:)

- (1) Dalhin ang tinanggap na “paunawa ng hindi pag-isyu”.
- (2) ID card (Resident Card, passport \*kung representative ang pupunta kailangang magpakita ng employee ID at kopya ng family register o iba pa na nagpapatunay ng pagiging representative o ahente ng aplikasyon.
- (3) Kopya ng unang aplikasyon at mga papeles na ginamit sa unang pag-apply.



**Gabay sa paghahanap ng trabaho para sa mga dayuhan**

Naghahanap ba kayo ng trabaho?  
May ilang mga paraan para makahanap ng trabaho dito sa Japan. Ilan sa mga paraang ito ang mga sumusunod:

**Pampublikong Employment Service Centers**

■ **Hello Work (Public Employment Security Office)**

May higit 540 tanggapan sa buong bansa. Maliban sa pagkontulta tungkol sa paghahanap ng trabaho ay nagbibigay din ng mga vocational training courses. Ang ibang tanggapan ay may mga tagasalin sa ilang mga banyagang wika.

■ **Shinjuku Foreigners’ Employment Assistance and Guidance Center (Kabukicho Center)**

Para sa mga may permanent residence visa, asawa o anak ng isang Hapon, long term resident, working holiday visa, student, family stay visa at iba pa  
Tel:03-3204-8609



■ **Tokyo Employment Service Center for Foreigners (Yotsuya Center) FRESC**

Para sa mga Engineer/Specialist in Humanities/International Services, Student Instructor, Skilled Labor visa holders  
0570-011000



■ **Mga libreng employment agencies**

May mga pampublikong tanggapan na nagbibigay ng libreng pagkonsulta sa paghahanap ng trabaho.  
Magsadya o kontakin lamang ang inyong lokal na munisipalidad.

**Mask at heat stroke**

Ang paggamit ng mask ay epektibo sa pagpigil ng maliliit na patak o droplets. Subalit ang paggamit ng mask sa mainit at maalinsangan na mga lugar ay maaring maging sanhi ng heat stroke. Palagiang uminom ng tubig kahit na hindi kayo nauuhaw. Gayundin, magpahinga sandali at alisin ang mask kung may lugar na mapapanatili mo ang sapat na distansya mula sa mga tao sa paligid mo. Mag-ingat tayo para maiwasan ang heat stroke at maging kaaya-aya maging sa panahon ng tag-init.

**Pribadong sektor**

■ **Websites sa paghahanap ng trabaho**

【Websites sa English】

GaijinPot Jobs, Daijob, Craiglist Tokyo, Jobs in Japan, Career Engine, at iba pa.

【Websites sa Nihongo】

Rikunabi, Mynavi, Indeed, at iba pa.

■ **Libreng magazines ukol sa mga trabaho**

Town Work, Jobaidem, Kyuujin Journal, at iba pa. Makakuha sa mga train stations, supermarkets, at mga convenience stores.